

Bagí ken Lágip: Dániw Bilang Dangadang

Rene Boy E. Abiva

Manuel V. Gallego Center for Heritage Studies
reneboy.abiva@mvgallego.edu.ph

Abstract

This paper offers an initial survey, close reading, and critical inquiry into selected Ilokano poems by Roy Vadil Aragon and Aurelio Solver Agcaoili. Preliminary assessment reveals that these works embody an organic narrative, wherein dániw (poetry) functions as the bagí (body) of the ili (community) and as the lágip (memory) of both the Ilokano people and the Filipino nation. The poems under study are marked by a transcendental quality, demonstrating their capacity to move beyond physical, political, and cultural boundaries. They were carefully chosen for their literary merit and for their deployment of Ilokano poetry as a political medium of talaban (interplay), interogasyon (questioning), and interbensiyon (intervention) against hegemonic forces. The study aims to foreground the dialectical function and significance of poetry as body—one that both represents and re-represents the everyday struggle for space, which, in this context, refers to community and memory. It seeks to answer the following questions: How does poetry, as a literary genre, constitute a space for historical intervention? For whom is the reclamation of community and memory intended? Ultimately, this paper underscores the political nature of poetry—as body, as community, and as memory.

Keywords: Dániw; Ilokano; Subaltern; Region; Nation

Abstrak

Ang papel na ito ay naglalayong magsagawa ng panimulang sipat, masusing suri, at kritikal na siyasat sa piling tulang Ilokano nina Roy Vadil Aragon at Aurelio Solver Agcaoili. Sa inisyal na pagtatasa ng mananaliksik, lumilitaw na ang mga tulang ito ay nagtataglay ng organikong naratibo na nagpapakita kung paanong ang dániw (tula) ay nagsisilbing bagí (katawan) ng ili (bayan) at lágip (gunita) ng ka-Ilokanuhan at ng sambayanang Filipino. Transendental ang katangian ng mga tulang pinili—nangangahulugang may kakayahan ang mga ito na igpawan ang pisikal, politikal, at kultural na hangganan. Maingat na pinili ng mananaliksik ang mga akda batay sa kanilang husay at gamit ng tulang Ilokano bilang politikal na midyum sa pagtalakay sa talaban (interplay), interogasyon (questioning), at interbensiyon (intervention) laban sa



namamayaning gahum (hegemony). Layunin ng pag-aaral na ito na ilantad ang dialektikal na gamit at halaga ng tula bilang katawan—isang katawan na siyang kumakatawan at muling kumakatawan sa pang-araw-araw na pag-agaw ng espasyo, na sa konteksto ng pananaliksik na ito ay tumutukoy sa bayan at gunita. Tatangkaing sagutin ng pananaliksik ang mga sumusunod: Paano nagiging espasyo ang tula bilang genre ng panitikan para sa makasaysayang interbensiyon? Para kanino ba ang reklamasyon sa natitirang bayan at gunita? Sa madaling sabi, binibigyang-diin ng papel na ito ang politikal na katangian ng tula—bilang katawan, bilang bayan, at bilang gunita.

Mga Susing- Salita: Daniw; Ilokano; Subaltern; Rehiyon; Nasyon

Introduksiyon

Sa *Reading the Regions: Klima. Kronika. Kuerpo* (2023) na ginanap sa prestihiyosong Cultural Center ng Lingayen, Pangasinan, muling isinabuhay ang isang mahalagang diskurso sa panitikan at kultura ng rehiyon—ang pagbubuo ng bayan sa pamamagitan ng gunita at katawan. Sa panayam ni Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan na si Geminio Abad, binigyang-diin niya ang papel ng wika bilang sisidlan ng alaala at pagkabansa: “Without word, we would have no memory, no history, no culture, no civilization,” (Abad, 2023). Hindi maikakailang sa lipunang Filipino, na ang kasaysayan ay binura, binago, at binihag ng kolonyalismo, ang wika at gunita ay nagsisilbing paraan upang muling buuin ang identidad. Para kay Abad, ang alaala ay hindi lamang simpleng pag-alala; ito ang ugat ng damdamin at sibilisasyon.

Ang ganitong pagtanaw sa gunita ay hindi maaaring ihiwalay sa katawan. Sa ating panitikang rehiyonal, partikular sa Ilokano at iba pang katutubong tradisyon, ang katawan o *bagí* ay hindi lamang pisikal na anyo kundi tahanan ng alaala at kasaysayan. Tulad ng binigyang-diin ni Mallari (2023), dating NCCA Komisyoner at manunulat mula sa UP Pampanga, ang katawan ay tagapagdala ng mga puwersang panlipunan, kultural, at pampanitikan: “*The body as a memory strand, also flourishes in the imagination (lágip)... the body (bagí) has its inherent dynamics of power*” (p. vi–vii). Sa ganitong pagbasa, ang katawan ay isang politikal at kultural na espasyo kung saan ang alaala, trauma, pagnanasa, at pag-asa ay patuloy na umuukit ng mga panibagong anyo ng pag-iral at pagtula.

Kung kaya’t hindi nakapagtataka na ang katawan, bayan, at gunita ay laging magkakadikit. Sa lumang kasaysayan ng mundo, napatunayan na ng mga iskolar sa panitikan at antropolohiya na ang mga sinaunang anyo ng tula, epiko, at alamat ay nagsilbing repositoryo ng gunita at kultura. Ayon kay Lazaga (2023), ang *folklore*, na mula sa Hilagang



bahagi ng mundo, ay salubungan ng mga kolektibong gawaing-bayan: *“Iti panagadal a nagtaud iti Lumaud a paset ti lubong, ti folklore ti awag ti pakadagupan dagiti kannawidan dagiti umili”* (p. 5). Sa ganitong pagbasa, ang tula ay may kapangyarihang magpaloob ng mga alaala sa mga bagay na tila walang halaga—mga baso, pinggan, kasuotan—na sa paningin ng makata ay nagiging daluyan ng kasaysayan at kultura.

Masasalamatin din dito ang pananaw na ang wika—bilang daluyan ng tula at panitikan—ay di maihihiwalay sa katawan. Binibigyang-diin muli ni Mallari (2023) ang ugnayan ng wika at katawan sa konteksto ng pagsasalin: *“Language—both the source language and target language—has a way of shaping, or forming the body, if you will, of the concepts by which the text will be received and understood”* (p. 39). Sa ganitong pananaw, ang katawan ay hindi lamang pisikal na entidad kundi diskurso—isang kontekstong nabubuo sa pagitan ng wika, panitikan, kasaysayan, at kultura.

Sa larangan ng politika, gayundin, lumilitaw ang katawan bilang pangunahing metapora ng estado. Sa klasikong akda ni Hobbes (1651), ang pamahalaan ay inilarawan bilang isang makapangyarihang katawan, binuo ng maraming bahagi ng lipunan na pinamumunuan ng isang “ulo”—ang soberanya. Ang ganitong pananaw ay nagpapatunay na ang katawan ay ginagamit din upang ilarawan ang estruktura ng kapangyarihan. Ngunit sa panitikang Filipino, ito ay maaaring baligtarin—ang katawan ng mamamayan ang siyang lumalaban, sumasalungat, at sumasaksi sa kalupitan ng estado. Ayon kay Almario (2017), *“Hindi tuloy maiwasang pagdudahan maging ang alaala na mayroon tayo”* (p. 8). Sa kanyang pahayag, kinikwestyon ang mismong alaala na binuo ng estado—isang pag-aanyaya sa mas radikal na pagsusuri sa panitikan bilang laban sa dominasyon ng institusyon.

Ang makapangyarihang imahen ng alaala at katawan ay muling bumabalik sa tula ni Louise Glück na *A Memory* (1990), kung saan ang gunita ay tila isang ilog na dumadaloy pabalik sa isang panahong wala pa ang kamalayan ng pagkabata: *“I was going back to that time/ Before my childhood, to oblivion maybe, / It was that river I remembered”* (Glück, 1990, p. 24)

Ang gunita, sa puntong ito, ay nagiging daluyan ng pagnanasa at pagkalimot. At ang katawan ang siyang saksi—at minsan, ang pinanggagalingan—ng ganitong pagbabalik at pagsipat. Sa pananaw naman ng mga feminist-Marxistang teorista, ang katawan ay lunan ng tunggalian at transgresyon. Ayon kay Lori Lefkowitz, *“The body’s history in literature is also the history of bodily violation; as the body acquires new definition, what it means to transgress its boundaries changes accordingly”* (Lefkowitz, 1997). Kaya’t ang katawan ay hindi lamang tagapagdala ng alaala, kundi saksi sa dahas—sekswal, politikal, sosyal—na nagpapahiwatig ng mga panibagong anyo ng pagkatao at pag-iral. Ito rin ang nais ilantad sa mga kontemporaryong tulang nakatuon sa trauma at panibagong pagbangon.



Makikita ito sa koleksiyon ni Faye Olayo, *Body of Work* (2020), isang personal at matapang na pagsisiyasat sa katawan bilang espasyo ng karanasan at otonomiya. "This is my body of work... This album is about what the body endures and survives," ani Olayo (2020, p. 2). Sa kanyang tula, ang katawan ay hindi lamang tahanan ng sakit, kundi teritoryo ng paglaya. Samantalang si Sciolino (1997) ay nagsabing, "The desire to be fully autonomous, to name oneself, to create one's own identity in speech" (p. 51), itinatanghal ng panitikan ang katawan bilang mapagpasiyang pook ng paglikha at muling pag-aangkin sa sariling dangal.

Ang konsepto ng *bagi* (katawan) at *lágip* (gunita/alaala) ay sentral sa panitikang Ilokano at nagsisilbing pundasyon sa kanilang malikhaing pagpapahayag at kolektibong kamalayan. Sa pananaw ng mga makata tulad nina Roy V. Aragon at Aurelio Solver Agcaoili, ang *daniw* ay hindi lamang simpleng daluyan ng damdamin kundi isang politikal at kultural na katawan na kumakatawan sa kabuuan ng karanasan ng komunidad.

Sa tradisyon ng Ilokano, ang *bagi* ay hindi lamang tumutukoy sa pisikal na anyo ng tao. Ito ay tahanan ng kasaysayan, trauma, at pag-asa ng isang lipunan. Ang katawan ay nagiging repositoryo ng gunita, isang sisidlan kung saan nakaukit ang mga alaala ng kolonyalismo, diktadura, at kontemporaryong pakikibaka ng mga nasa laylayan. Dahil dito, ang *bagi* ay nagiging simbolo ng paglaban—isang pook kung saan nagtatagpo ang personal at kolektibong danas.

Samantala, ang *lágip* ay higit pa sa simpleng pag-alala. Tulad ng sinabi ni Geminio Abad, ito ang ugat ng damdamin at sibilisasyon: ang alaala ang nagpapatibay sa isang bayan. Sa panitikang Ilokano, ang gunita ay hindi lamang pagpapanatili ng nakaraan kundi isang aktibong diskurso ng reklamasyon—isang paraan upang tutulan ang sistematikong pagbura ng kasaysayan ng estado at ng kolonyal na kapangyarihan.

Kapag pinag-ugnay, ang *bagi ken lágip* ay lumilikha ng isang dialektikal na espasyo sa panulaan. Ang katawan ay nagiging konkretong representasyon ng alaala, samantalang ang alaala ay patuloy na bumabalik sa katawan bilang gunita ng kawalan, paglaban, at pag-asa. Sa mga tula ni Aragon, makikita ito sa ritwal ng *atang*, kung saan ang bahagi ng manok ay iniaalay bilang simbolikong pagbabalik sa mga nawawala (*desaparecidos*). Ang gunita, sa pamamagitan ng katawan, ay nagiging ritwal ng panlipunang paglaban.

Sa kabilang banda, sa mga akda ni Agcaoili, ang *bagi ken lágip* ay inilulugar sa mas malawak na epistemolohiya ng rehiyon. Ang mga konsepto ng nakem (diwa/kamalayan), bataris (pagkakaisa), at taripnong (pagtitipon) ay nag-uugat sa ideya na ang katawan at alaala ay hindi indibidwal na pag-aari, kundi bahagi ng kolektibong pagkatao ng mga Ilokano.

Samaktuwid, ang *bagi ken lágip* ng mga Ilokano ay hindi lamang konsepto sa panitikan. Ito ay politikal na diskurso at kultural na pahayag: isang patunay na ang panulaan ay may



kapangyarihang magtala ng kasaysayan, magsilbing sandata ng paglaban, at magbukas ng espasyo para sa patuloy na pagbuo ng bayan sa gitna ng mga pagtatangka ng lipunan at estado na burahin ang kanilang alaala.

Layunin ng Pananaliksik

1. Masuri ang mga piling tula nina Roy V. Aragon at Aurelio Solver Agcaoili gamit ang *Critical Discourse Analysis (CDA)* upang mailantad ang masalimuot na ugnayan ng wika, kapangyarihan, at kolektibong gunita.
2. Matukoy kung paanong ang *daniw* (tula) ay nagiging espasyo ng interbensyon sa kasaysayan, partikular sa pagpapakita ng mga naratibo ng pagkawala, alaala, at paglaban ng mga Ilokano at ng sambayanang Filipino.
3. Mailahad ang kahalagahan ng panitikang Ilokano bilang politikal na pahayag at kultural na rekuperasyon laban sa hegemonya, at bilang daluyan ng kolektibong pagkilos para sa katarungan at pagbawi ng bayan.

Metodolohiya

Ang *Critical Discourse Analysis (CDA)* ay isang mahalagang kasangkapan sa pagsusuri ng mga aspektong diskursibo ng malikhaing panitikan tulad ng *daniw*. Tinutukoy nito kung paano nagiging instrumento ng kapangyarihan, ideolohiya, at paglaban ang wika sa loob ng isang tiyak na panlipunang konteksto. Sa pagsusuri ng mga tula nina Roy V. Aragon at Aurelio Solver Agcaoili, maaaring gamitin ang CDA upang mapagtuunan ang mga estratehiyang lingguwistiko, simbolikong representasyon, at diskursibong taktika na ginagamit sa paglalantad ng kolektibong alaala, paglaban, at adhikaing panlipunan.


Isa sa mga pangunahing aspekto ng diskursong malikhain ay ang pag-aangat sa kamalayan ng sambayanan tungkol sa mga *desaparecidos*. Sa pamamagitan ng CDA, masusuri kung paano ginagamit ang wika sa *daniw* upang katawanin ang trauma ng pagkawala. Sa lebel ng leksikon, maaaring gamitin ang *lexical analysis* upang siyasatin ang mga salitang may kinalaman sa pagkawala gaya ng “naglaho,” “hinanap,” “wala,” “gunita,” at “katawan.” Kasabay nito, ang *intertextuality* ay maaaring makita sa paggamit ng mga ritwal at paniniwala gaya ng *atang*, na inuugnay sa mas malawak na naratibo ng pambansang kasaysayan, lalo na noong panahon ng diktadura. Mahalaga rin ang pagsusuri sa *agency at power relations*: sino ang binibigyang tinig sa tula—ang mga nawawala, ang kanilang pamilya, o ang komunidad? Paano inilalarawan ang mga may kapangyarihan gaya ng estado, militar, at paramilitar?

Ang kolektibong paggunita bilang anyo ng pagtutol ay isang mahalagang diskurso sa *daniw*. Ang paggamit ng *repetition* at *parallelism* ay nagsisilbing estratehiyang pedagogikal upang idiin ang mensahe at ipakita ang patuloy na epekto ng pagkawala. Sa ganitong paraan, umuusbong ang *discourse of resistance*—kung paanong ginagamit ang wika upang maging kasangkapan ng pagkilos ang panitikan. Halimbawa nito ang mga katagang “huwag



kalimutan," "ipaglaban," at "hanapin natin sila." Sa pamamagitan ng *construction of collective identity*, matutukoy kung paanong inuuna ng tula ang diwa ng kolektibong pagkilos sa halip na pansariling hinagpis, kaya't mas tumitindi ang panawagan para sa hustisya.

Pigura 1. Pangkalahatang daloy ng CDA.



Bukod dito, ang Ilokano panulaan ay tumatayo rin bilang politikal na diwa. Sa pananaw ng CDA, ang daniw ay hindi lamang sining kundi isang anyo ng intelektuwalisasyon ng wikang Ilokano at politikal na sandata laban sa gahum. Ang pagsusuri sa *code-switching* at *language choice* ay nagpapakita kung paanong ginagamit ang Ilokano upang labanan ang dominasyon ng Tagalog o Ingles sa diskursong pampanitikan. Mahalaga ring tingnan ang *representation of cultural practices*, kung saan binibigyang-diin ang mga konseptong *nakem* (diwa/kamalayan), *bataris* (pagkakaisa), at *taripnong* (pagtitipon) bilang kolektibong tugon sa opresyon. Kaakibat nito ang *resistance against cultural erasure*, kung paanong ginagamit ang daniw bilang anyo ng *cultural preservation* laban sa asimilasyon at pagkawala ng identidad.

Huli sa mga diskursibong aspektong maaaring suriin ay ang ugnayan ng kapangyarihan, ideolohiya, at diskurso ng rebolusyon. Sa tulong ng CDA, maaaring matukoy kung paano nilalabanan ng daniw ang mga dominanteng ideolohiya sa pamamagitan ng

metaphora at *simbolismo* na naglalarawan sa estado, militar, at iba pang mapanupil na puwersa. Lumilitaw din dito ang *juxtaposition* ng ritwal at diskursong politikal—ang ugnayan ng paniniwala gaya ng *atang* at ng politikal na pagkawala—na nagpapahiwatig ng salikop ng kultura at rebolusyonaryong damdamin. Mahalaga ring suriin ang *call to action* at *protest discourse*, kung paanong ginagamit ang wika upang himukin ang kolektibong pagkilos laban sa pang-aapi.

Sa pamamagitan ng *Critical Discourse Analysis*, masusing naipapakita kung paanong ginagampanan ng daniw ang papel nito bilang espasyo ng paggunita at paglaban. Ang pagsusuri sa leksikon, simbolismo, estratehiyang lingguwistiko, at representasyon ng kapangyarihan ay nagpapakita ng panitikan bilang isang politikal na pahayag—isang larangan ng alaala, pakikibaka, at reklamasyon ng bayan.

Ilang Tala Hinggil sa Panitikang Ilokano

Si Pedro Bukaneg ay kinikilalang "Ama ng Panitikang Ilokano." Siya ay isang dakilang Pilipino mula sa lupaing Ilocos at itinuturing na unang edukadong Ilokano. Bukod sa pagiging orador, musikero, leksikograpo, at dalubwika, siya rin ang pangunahing kinikilalang may-akda ng epikong *Biag ni Lam-ang*, isang epikong binubuo ng 294 na saknong. Ayon sa ilang tala, siya ay isinilang noong Marso 1592 at natagpuang ulila sa isang banig sa ilog sa pagitan ng Bantay at Vigan, Ilocos Sur. Inampon siya ng isang babae at ipinagkatiwala sa kura paroko ng Bantay na siyang nagpangalan sa kanya bilang Pedro Bukaneg. Ang apelyidong "Bukaneg" ay pinaniniwalaang nagmula sa salitang Itneg na nangangahulugang "Christianized heathen."

Lumaki si Bukaneg sa pangangalaga ng mga Agustiniano sa kumbento ng Bantay. Bagaman bulag, ipinamalas niya ang kahanga-hangang memorya at katalinuhan sa wika. Bihasa siya sa Latin, Kastila, Iloko, at Itneg. Maliban sa pagiging makata, naging guro siya ng mga Agustiniano sa Iloko at sumulat ng mga sermon, nobena, at panalangin sa wikang ito. Kabilang din siya sa mga tumulong sa pagsasalin ng mga tekstong Kristiyano, kabilang ang *Doctrina Cristiana* (1621), sa Iloko. Nakalulungkot na marami sa kanyang mga akda ay nawala o kinuha ng mga kolonyalistang Kastila. Pumanaw siya noong 1630. Sa kanyang parangal, ipinangalan sa kanya ang *Bukanegan*—isang patulang pagtatalo sa entablado.

Ang panitikang Ilokano, na tinatawag ding panitikang Iloko, ay tumutukoy sa mga akdang nasusulat sa Iloko o isinulat ng mga manunulat na Ilokano sa iba't ibang wika tulad ng Kastila, Ingles, at Filipino. Sa larangan ng lingguwistika, "Iloko" ang tumutukoy sa wika samantalang "Ilokano" naman ang tumutukoy sa mga tao. Mula ito sa unlaping *i-* (mula sa) at salitang *looc* (look), kaya nangangahulugang "taong mula sa look."

Ang prekolonyal na panitikan ng mga Ilokano ay kinabibilangan ng mga awit, bugtong, kasabihan, dung-aw, epiko, at *dallot*—isang anyo ng estrukturadong tulang inaawit. Noong panahon ng pananakop ng mga Kastila, isinalin ni Francisco Lopez, isang Agustiniano, ang mga akdang Kristiyano sa Iloko, kabilang ang *Doctrina Cristiana* (1621), sa



tulong ni Pedro Bukaneg. Ang *Arte de la Lengua Iloca* (1627) ni Lopez ay sinundan ng *Gramatica Ilokana* (1895). Ang mga relihiyoso at sekular na akda ay ginamit bilang paraan ng kolonisasyon sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Kasabay nito, nagsimula ring umusbong ang mga anyong pampelikula at pang-entablado gaya ng *komedya* at *zarzuela*.

Sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, sumikat ang mga akda nina Marcelino Mena Crisologo, Pascual Agcaoili y Guerrero, at Isaias R. Lazo. Noong 1892, nailathala ang kauna-unahang nobelang Ilokano na *Matilde de Sinapangan* ni Fr. Rufino Redondo. Sumunod ang *Ayat, Kaanonto Ngata?* at ilang nobela ni Arturo Centeno tulad ng *Apay a Di Mangasawa?*, *Dispensara*, at *Padi a Puraw Wenno Naamo a Kibin*.

Noong ika-20 siglo, ayon kay Duque (n.d.) nailimbag ang mga akdang *Biag ti Maysa a Lakay*, *Wenno Nakaam-ames a Bales* ni Mariano Gaerlan (1909), *Uray Narigat no Paguimbagan* ni Facundo Madriaga (1911), *Mining Wenno Ayat ti Cararua* ni M.P. Crisologo (1914), *Nasam-it ken Narucbos nga Sabong dagiti Dardarepdep ti Agbaniaga* ni M.E. Millon (1921), *Sabsabong ken Lulua* ni R. Respicio (1930), *Apay a Pinatayda ni Don Simon?* (1935) at *Puso ti Ina* (1936) na parehong isinulat ni Leon C. Pichay.

Noong 1934, inilunsad ang *Bannawag*, isang magasin na naging lunsaran ng mga makata at kuwentista, at nagbukas ng pinto sa modernong panitikang Ilokano. Nagsimulang lumago ang anyo ng maikling kuwento mula noong 1947, kung saan pangunahing paksa ang digmaan, pananakop ng Hapon, at iba pang trahedya. Sa paglipas ng panahon, naging mas pulido at mas malikhain ang pagsasalaysay ng mga Ilokanong manunulat.

Bagaman may mga artikulo ukol sa panitikang Ilokano, nananatiling kulang ang masusing akademikong pagsusuri hinggil dito. Isa sa mga kilalang iskolar na nagsagawa ng pag-aaral tungkol sa panitikang Ilokano ay si Leopoldo Y. Yabes (1975) mula sa University of the Philippines.

AGCA, RVA: Mga Makata sa Panahon ng Lagim

Sa orihinal na balangkas ng pananaliksik na ito, limang makata sana ang tampok—mga tinig na kumakatawan sa iba't ibang panig ng rehiyon, na may kanya-kanyang kasaysayan, kamalayan, at kontribusyon sa panitikan. Gayunman, dahil sa limitasyon ng panahon at sa bigat ng mga tungkulin bilang guro, mananaliksik, at anak ng lipunan, napagpasyahan kong ituon muna ang atensyon sa dalawa sa kanila. Layunin nitong bigyang-pokus ang masinsinang pagsusuri sa kanilang mga akda. Ang mga ito ay sina Roy V. Aragon (mas kilala bilang RVA), isang beteranong manunulat at kawani ng *Bannawag* magasin, at si Dr. Aurelio Solver Agcaoili (Agca), isang propesor, mananaliksik, at Fulbright Scholar na kasalukuyang namumuno sa NAKEM—isang organisasyong nagsusulong ng intelektuwalisasyon at kultural na rekuperasyon ng wikang Ilokano. Awtor ng nobelang *Derrep iti Panawen ti Dangadang* (1998), *Dangadang* (2003), *Bandido Dagiti Balikas* (2019),



Epistolario ti Exilo ken dadduma pay a Daniw (2014), *Nakem: Salaysay iti Lengguahe, Literatura, Kultura, ken Kritisismo* (2014), at marami pang iba.

Hindi nagkataon ang pagpili sa dalawang makatang ito. Tulad ng iba pang hindi pa naisama, ang kanilang pagkatao ay hindi lamang nalilimita sa pagiging makata o nobelista. Sila ay aktibong kalahok sa diskurso ng pampulitikang paggunita. Ang kanilang panulaan ay higit pa sa estetika—ito ay tugon sa kontradiksiyon ng lipunan, kasaysayan, at kultura. Kaya’t maituturing na makabuluhan ang panahon ng pananaliksik sa kanilang mga akda—mga gabing kinain ng pagbabasa, mga madaling-araw na isinakripisyo para sa muling pagbubuo ng sarili, at mga panahong tila sumpang minana mula sa kasaysayang piniling limutin.

Si Roy Vadil Aragon, o mas kilala bilang Roy V. Aragon, ay isa sa pinakamatatag na haligi ng kontemporaryong panitikang Ilokano. Isinilang sa Mabasa, Dupax del Norte, Nueva Vizcaya, kinikilala si Aragon bilang kuwentista, makata, tagasalin, editor, at tagadisenyo ng aklat. Isa siya sa mga piling manunulat na naging tulay ng sining patungo sa mas malawak na mambabasa. Tumanggap siya ng mga parangal mula sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature (1999, 2001, 2014, 2016), gayundin mula sa Gov. Roque Ablan Awards for Iloko Literature (GRAAFIL)—patunay ng kanyang makabuluhang ambag sa panitikang rehiyonal.

Ang kanyang panulat ay hindi lamang sa dami kundi pati sa lawak ng anyo. Kabilang sa mga kuwentong nalathala niya ang “Balang,” “Siak ni Kafka, Pusa,” “Kanibusanan,” at “Bannuar,” na nagsasalaysay ng karanasan ng mga Ilokano sa gitna ng modernidad, karahasan, at marginalisasyon. Ilan sa kanyang mga koleksiyon ay *Napili ken Saan a Napili a Dandaniw ken Dadduma Pay a Riknakem*, *Bagi: Dandaniw, Bannuar ken Dadduma Pay a Fiksion*, at *Rabii: 100 a #Tweetniw*. Sa mga ito, hindi lamang panitikan ang kanyang inilalahad kundi ang katawan ng kolektibong gunita at damdaming panlipunan.

Bilang kasapi ng GUMIL Filipinas, bahagi si Aragon ng masiglang komunidad ng panitikang Ilokano. Sa kanya, ang panitikan ay hindi lamang espasyo ng malikhaing pagpapahayag kundi isang tahanan ng kasaysayan, daluyan ng damdaming panlipi, at larangan ng paglaban.

Kapwa sina Aragon at Agcaoili ay produkto ng panahong tumatak sa kasaysayan ng Filipinas bilang yugto ng kadiliman—ang diktadurya ni Ferdinand Marcos, Sr. Sa ilalim ng rehimeng ito, maraming manunulat at intelektwal ang tumugon sa krisis panlipunan sa pamamagitan ng panitikan. Ang kanilang mga tula ay hindi lamang pagsasakatawan ng personal na danas kundi salamin ng masalimuot na sosyo-politikal na kondisyon ng bansa.

Tulad ng maraming manunulat sa kanilang henerasyon, sila ay naging makabayan sa kani-kanilang kapasidad. Gayunman, ang kanilang pakikilahok ay hindi nagtapos sa



lansangan. Dinala nila ang diwa ng pakikibaka sa panulaan, sa daniw. Kahit nahati ang Pambansa-Demokratikong Kilusan (PDK) dahil sa mga ideolohikal na tunggalian, nanatiling buhay ang diwa ng pag-aaklas sa kanilang mga akda—sa wika, sa gunita.

Ang kanilang mga tula ay tila *bagi*—katawan ng alaala—na hindi lamang nagsasakatawan ng personal na damdamin kundi sumisid sa kolektibong karanasan. Ang gunita ay hindi lamang inaalala para sa sarili kundi isinusulat para sa lipunan. Kaya’t ang pagsusuri sa kanilang panulaan ay isang paglalantad—ng trauma, kasaysayan, at pagnanasang makamit ang katarungan.

Sa ganitong pagbasa, ang tula ay higit pa sa sining—ito ay isang pampulitikang pahayag. Sa pamamagitan ng daniw, naitatanghal ang gunita laban sa sabayang paglimot ng estado at institusyon. Sa isang bansang nasanay sa *historical amnesia*, ang tula ay nagsisilbing *counter-memory*—isang alternatibong kasaysayan na isinulat hindi ng mga makapangyarihan, kundi ng mga inaapi.

Madaling hanapin ang mga nawawala kung may pananda. Halimbawa, si Charlie del Rosario (1971) ay ginunita sa pamamagitan ng gusali sa Polytechnic University of the Philippines. Buhay siya sa alaala sapagkat may materyal na binabalikan. Subalit paano si Romulo dela Cruz (2014), pangulo ng Danggayang Dagiti Mannalon iti Isabela, na hanggang ngayon ay hindi pa rin natatagpuan? Sa ganitong konteksto, malinaw ang papel ng tula—ito ang pansamantalang lapida, ritwal, at tagapag-ingat ng alaala.

Daniw ken Dangadang

Sa tulang *Desaparacidos* (Aragon, 2009), agad na matutukoy ang persona sa loob ng daniw. Ginamit niya ang tipikal na siklo ng bawat tahanan sa kanayunan bilang lunsaran sa paghahanap sa mga bahagi ng nakahaing tinolang labuyong manok:

“...imbanang-es ni Inang a mangkiwarkiwar itan iti tayab ti tinola ti netib a manok. Innala manen ngatan daytan kunkunak a mannibrong...” (Aragon, 2009, p. 18)

“...walang humpay na hinalo ni Inang ngayon ang balahibo ng tinolang labuyo na manok. Kinuha na naman kaya iyan ng sinasabi kong magnanakaw...” (aking salin)

Upang mahanap ang nawawalang katawan, gaya ng halimbawa ni Dela Cruz, kinakailangang maraming maghanap. Hindi nalimitahan sa indibidwal na himig ang persona, na mapapansin agad sa unang saknong ng tula:

“Awan manen, mapukpukawda manen” (p. 18)

“Wala na, wala na naman sila” (aking salin)

Makikita rin sa daniw ni Aragon ang kostumbre ng mga Ilokano hinggil sa paghahandog o *atang* ng mga bahagi ng katawan ng manok—isang ritwal na dokumentado



na sa pananaliksik ni Isabelo Florentino De los Reyes sa *El Folklore Filipino* (2021). Tulad ng *atang* ng lamang-loob ng manok na iniaalay sa *caibaan* o hindi nakikitang espasyo tuwing *agaw-liwanag*, mapangahas na binali ni Aragon ang matandang kustomaryong ito:

“Ta agpaay la koma kan’ kenkuanan kakaisuna a dalem ken batikuelng, ‘imbag la kan’ a pamigsat’ darana a nakapsuten. Ket ‘tay met tukatok ‘toy grasia a manok, di metten masapulan, agpaay koma ken ni amang kas mainugot, isut’ ulo, isut’ rebbengna nga agsultop iti mata ken utek ti pinalpalukmeg a pamusian” (Aragon, 2009, p. 18)

“Na para lamang sa kanya dapat itong kaisa-isang *atang* at balunbalunan, na magpapalakas sana sa mahina na niyang dugo. At gaya nitong tuka nitong biyayang manok, hindi naman na mahanap, para sana kay ama bilang haligi, na siyang ulo kaya marapat lamang na siya ang humigop sa mga mata at utak ng pinatabang handog” (aking salin)

Makikita sa bahaging ito ng daniw ang dalawahang pag-iral ng magkasalungat na kahulugan: ang tradisyonal na paniniwala at ang politikal na konteksto. Ang *mannibrong* o magnanakaw ng *bagi* ay maaaring tumukoy sa mga grupong militar, paramilitar, at vigilante na kontra sa mga aktibista sa kanayunan, tulad ng Black Ranger o Agay Battalion ni Col. at dating Gobernador ng Cagayan na si Rodolfo “Agila” Aguinaldo. Ang analisis ng kapangyarihan sa pagitan ng pisikal at espirital na dimensyon ay makikita sa ikalawang saknong:

“Ket ita a naindaklan a pangmalem, napasnek ni burikdek, dautna man laeng ti agparis a luppo, payyak ken tengged, a sisiimen ni adagi a kas man lugi iti apag daytoy a sangkailgat a pitso ken paragpag” (Aragon, 2009, p. 18)

“At ngayong banal na hapunan, nabusog si bunso, salamat sa isang paris ng hita, pakpak at isang leeg, na kanina pa minamatyagan ni *adagi* na lugi dahil dito sa kakapiranggot na pitso at tadyang” (aking salin)

Hindi isinasama sa mataas na anyo ng ritwal ng *atang* ang mga bahaging ito, na itinatanghal para sa mga nawawalang bahagi ng pagkatao, na ipinapahayag sa mga linyang ito:

“O maykan kadi adi agsublikan, agawidkan. Pangngaasiyo kakabsat a gagayyem ta isubliyo isunan. Saannanton ululiten. O maykan kadi adi agsublikan, agawidkan. Agsublikan, agawidkan. Agsublikan, agawidkan.” (Aragon, 2009, p. 18)

“O halika na kapatid bumalik ka na, umuwi ka na. Parang-awa niyo na mga kapatid at kaibigan pabalikin niyo na siya. Hindi na niya uulitin. O halika na kapatid bumalik ka na, umuwi ka na. Bumalik ka na, umuwi ka na. Bumalik ka na, umuwi ka na” (aking salin)

Gaya ng tula, epektibo ang pag-uulit bilang daluyan ng paghahanap at muling pag-alala upang maging pisikal na representasyon ng sarili at bayan. Patuloy na lumalalim ang kahulugan, “tagos sa buto,” kaya’t lumalamon ng buong pagkatao.



Makikita rin ang sining ng pag-uulit sa huling ikalawang saknong ng tula ni Aragon sa *Baribari Kontra Bisin, Tig-ab Kontra Gawat: Dallang Iti Nakaparsuaan Ti Bagas* (Aragon, 2009):

“Ay, ‘maykayon, ‘maykayon dakay’ a kakadua, kapuli
Iti pitak! ‘Maykayon, dakay’ nga aglulusiaw,
Mataaltalimudaw, ul-ulila ti desaporacido a puni.” (Aragon, 2009, p. 18)

“Ay, halina kayo, halina kayo mga kasama, kalahi
Sa putik! Halina kayo, kayong mga mapupusyaw,
Nagdedeliryo, mga balo ng *desaparecidong* maghahain” (aking salin)

Ganito rin ipinakita ni Aragon sa huling saknong ng tula ang pag-asa na nasa pag-uulit ang katubusan:

“Ay, wen, ‘maykayon, suyantay’ no nasken iti dara
Ti darudar! Ngem, ‘maykayon, ‘maykayon, apuyentay’
Ti innapuy iti ilegleggaak ti kabus. Pagsasanguantay’ latta
Dayta sangkaapuyan nga ayat ken pakinakem.
Ay, mangrabiitay’ iti nakaparsuaan ti isem
Kontra nakaparsuan ti saem!” (Aragon, 2009, p. 18)

“Ay, oo, halina kayo, pagkaisahan natin kung sasapat ang dugo
Ng manlilipol! Subalit, halina kayo, halina kayo, lutuin natin
Ang kanin na ipinagmamalaki ng bilog na buwan. Pagsaluhan natin
Iyang kung anong mayroong pagmamahal at kamalayan.
Hala, maghapunan muna tayo sa pagsilang na ito ng galak
Kontra sa pagsilang ng kalungkutan” (aking salin)

Sa tula ring *Wayawaya* (Aragon, 2015), tinuligsa ng persona ang palasak na pagpapakahulugan sa pagluhod bilang asimilasyon:

“Pimmanaw a di man la nagpakada. Dinak
Naawatan idi nagparintumengak iti sangguananna” (Aragon, 2015, p. 67)

“Umalis siyang di man lamang nagpaalam. Hindi niya
Naintindihan ang pagluhod ko sa kanyang harapan” (aking salin)

Kung gayon, ang pag-alis nang walang pamamaalam ay hindi kawalan, kundi unang hakbang sa muling paghahanap at paglaya.

(Kontra) Diskursong (Kritikal na) Malikhain

Sa konteksto ng sapilitang pagkawala—laluna ng mga aktibista at magsasakang lumaban para sa kanilang mga karapatan—nagsisilbing makapangyarihang kasangkapan ang tula upang mapanatili sa kamalayan ng bayan ang kanilang alaala. Ipinapakita sa mga piling daniw ang katawan bilang gunita (*bagi ken lagip*) sa pamamagitan ng mga ritwal gaya

ng *atang*, pati na rin ng iba't ibang symbolismong kaugnay ng pagkawala at patuloy na paghahanap (Constantino, 2015). Ayon kay Constantino, ang panulaan ay nagiging “espasyo ng kolektibong pag-alala,” na hindi lamang tumutukoy sa personal na danas kundi lumalampas ito tungo sa pampamayanang alaala—isang sining ng pagtanggong makalimot.

Higit sa personal na naratibo, isinasakatawan ng tula ang tungkuling panlipunan bilang isang anyo ng kolektibong pagkilos. Layunin nitong pukawin ang kamalayan ng sambayanan upang alalahanin, kilalanin, at ipaglaban ang katarungan para sa mga biktima ng karahasan ng estado. Sa mga piling tula, ginagamit ang pag-uulit bilang isang estratehiyang pedagogikal upang patatagin ang kolektibong gunita at iukit sa isipan ng mambabasa ang mensaheng pampulitika (Santos, 2017). Ayon kay Santos, sa harap ng mga estrukturang mapanupil, ang wika at tula ay nagiging sandata laban sa tahimik na pananakop ng kapangyarihan.

Makikita rin sa *daniw* ang masigasig na pagsusuri at intelektuwalisasyon ng wikang Ilokano. Ang panulaan ay naglalaman ng mga tradisyunal na paniniwala, kaugalian, at ritwal ng rehiyon—isang anyo ng kultural na rekuperasyon at paninindigan laban sa hegemonya ng dominanteng mga wika. Ayon kay Reyes (2020), higit pa sa pagiging sining, ang tula ay isang anyo ng aktibismo—isang sandata laban sa namamayaning gahum. Sa pamamagitan ng panulaan, nabibigyang-bose ang mga karanasan ng mga nasa laylayan ng lipunan, na madalas ay nabubura sa pambansang naratibo. “Ang panulaan ay kumakatawan sa kolektibong boses ng mga nasa gilid ng kasaysayan” (p. 78).

Isa pang mahalagang aspekto ng malikhaing diskurso sa tula ay ang paglalantad sa papel ng estado, militar, at paramilitar bilang mga mapanupil na puwersa na may direktang kinalaman sa pagkawala ng mga aktibista at magsasaka. Ang *juxtaposition* o pagtatambal ng ritwal ng *atang* (isang espiritwal na gawi sa kultura ng Ilokano) at ang politikal na aktong pagkawala ay nagpapakita ng pagsasalikop ng espiritwal at materyal na dimensyon sa panulaan—isang diskurso ng paglaban sa anyo ng sining (De Guzman, 2018). Sa kanyang pag-aaral, tinukoy ni De Guzman ang “dialektika ng gunita bilang isang politikal na porma ng paglaban,” kung saan ang espiritwal na alaala ay nagiging panlipunang pagkilos laban sa pagsupil ng estado.

Sa pangkalahatan, sinikap ng papel na ito na sagutin ang tanong kung paanong ang *daniw*, bilang isang genre ng panitikan, ay maaaring maging espasyo ng interbensyon sa kasaysayan—isang larangan ng reklamasyon ng bayan at kolektibong alaala. Ang *daniw* ay hindi lamang lirikal na anyo ng damdamin kundi isang matalas na pampulitikang pahayag. Itinatampok sa pananaliksik na ito ang masalimuot na ugnayan ng tula, katawan, bayan, at gunita, na sama-samang umiikot sa mga naratibo ng katarungan, kolektibong pag-alala, at patuloy na paglaban sa gitna ng lumalalim na krisis ng paglimot at pag-aangkin ng kasaysayan (Santos, 2017).



Konklusyon

Sa pagsusuri ng tulang *Desaparecidos* (Aragon, 2009) at mga akda ni Agcaoili, lumilitaw ang masalimuot na ugnayan ng pagkawala, alaala, at kolektibong pagkakakilanlan ng mga Ilokano. Sa pamamagitan ng ritwalistikong simbolismo—gaya ng *atang* at ang pagbabahagi ng bahagi ng manok sa handaan—naisasalamatin ang paraan ng kanilang paghahanap sa mga nawawala, kabilang ang mga *desaparecidos*, mga rebolusyunaryo, at mga inaaping sektor ng lipunan.

Ang tula ni Aragon ay isang matapang na pagsalungat sa tradisyonal na interpretasyon ng ritwal ng *atang*, na ginamit niya upang itampok ang kawalan ng katarungan sa lipunang Ilokano at Filipino. Hindi lamang ito pagsasalaysay ng personal na trahedya kundi isang pampolitikal na pahayag na nag-uudyok ng kolektibong pagkilos. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na linya at matalinghagang wika, naipapahayag ang patuloy na paghahanap sa katotohanan at hustisya.

Samantala, ang mga akda ni Agcaoili ay lumalapit sa parehong adhikain ngunit may mas malalim na pilosopikal na pagdulog. Ipinapakita ng kanyang mga tula ang koneksyon ng mga Ilokano sa kanilang bayan, kultura, at ninuno. Ang mga konsepto tulad ng *nakem*, *bataris*, at *taripnong* ay nagpapatibay sa ideya ng kolektibong kamalayan at sama-samang pagkilos bilang tugon sa panlipunang kawalan ng katarungan.

Ang panitikan nina Aragon at Agcaoili ay patunay sa puwersa ng wika bilang daluyan ng kolektibong pag-alaala at paglaban. Sa pamamagitan ng makapangyarihang imahe, simbolismo, at ritwal, naihahayag ang panlipunang tunggalian at ang pangangailangang ipaglaban ang katarungan para sa mga nawawala. Sa huli, ang kanilang panitikan ay hindi lamang malikhaing pagsasalaysay ng realidad kundi isang mapanuring pagsusuri at panawagan para sa pagbabago.

Rekomendasyon

Mula sa mga natuklasan at konklusyon ng pananaliksik, iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. Pagtitiyak ng mas malawak na dokumentasyon at pagsusuri sa mga piling akdang Ilokano, upang hindi lamang mapanatili ang mga ito bilang panitikan kundi bilang mga espasyong kultural at politikal na nagpapaalala sa kolektibong gunita ng mga Ilokano at sambayanang Filipino.
2. Pagpapalakas ng mga institusyonal na inisyatiba gaya ng NAKEM at GUMIL Filipinas upang higit na maitaguyod ang *intelektuwalisasyon ng wikang Ilokano* at ang kultural na rekuperasyon laban sa hegemonya ng dominanteng wika.



3. Pagpapasok ng mga tula nina Aragon at Agcaoili sa kurikulum ng panitikan at kasaysayan, lalo na sa kolehiyo at senior high school, upang maging bahagi ng mas malawak na diskurso ng kabataan hinggil sa gunita, katawan, at bayan.
4. Pagsasagawa ng mas malalim na interdisiplinaryong pag-aaral sa ugnayan ng panitikan, alaala, at pulitika—hindi lamang sa Ilokano kundi sa iba pang rehiyonal na panitikan—upang higit na mapalawak ang lente ng *critical discourse analysis* sa konteksto ng Filipinas.
5. Pagbuo ng mga espasyo ng kolektibong alaala (archives, museo, digital repositories) na maglalaman ng mga tula, testimonya, at iba pang malikhaing anyo na nakasentro sa mga desaparecidos at sa trauma ng lipunan, upang magsilbing kontrapunto laban sa historical amnesia.

Mga Sanggunian

- Abad, G. (2023). *Poetics of the word*. In CCP Intertextual Division (Ed.), *Reading the regions: Klima. Kronika. Kuerpo* (p. 8).
- Agcaoili, A. S. (2019). Bandido dagiti balikas/Words are bandits/Bandido ang mga salita. *Saniata Publications*. <http://saniatapublications.blogspot.com/2019/06/bandido-dagiti-balikas-words-are.html>
- Agcaoili, A. S. (1998). *Derrep iti panawen ti dangadang* (Series No. 1, 1st ed.). ICRI Writers Cooperative.
- Agcaoili, A. S. (2014). *Epistolario ti exilo ken dadduma pay a daniw* (1st ed.). Undertow Books.
- Agcaoili, A. S. (2014). *Nakem: Salaysay iti lengguahe, literatura, kultura, ken kritisismo* (1st ed.). Undertow Books.
- Almario, V. S. (2023). Gunita at bayan. In CCP Intertextual Division (Ed.), *Reading the regions: Klima. Kronika. Kuerpo* (p. 8).
- Anderson, B., et al. (2023). *Ang diablo sa Filipinas ayon sa nasasabi sa mga casulatan luma sa Kastila* (1st ed.). Anvil.
- Aragon, R. (2023). *Bagi: Dandaniw* (1st ed.). Saniata Publications.
- Aragon, R. (2023). *Baribari*. Saniata Publications & Imnas and Iway Publications.
- Constantino, M. L. (2015). *Memory and resistance in Philippine poetry*. University of the Philippines Press.
- De Guzman, J. R. (2018). The politics of memory and ritual in Ilokano literature. *Journal of Philippine Studies*, 42(1), 45–70.
- De los Reyes, I. (2021). *Sirib ti puli ni Ilokano* (A. Tabag, Trans.; 1st ed.). Saniata Publications.
- Duque, R. (n.d.). *Kurditan Samtoy: The Literature of A Manly Race*. National Commission for Culture and the Arts. <https://ncca.gov.ph/about-ncca-3/subcommissions/subcommission-on-the-arts-sca/literary-arts/kurditan-samtoy-the-literature-of-a-manly-race/>



- Glück, L. (1990). A memory. In *Ararat* (p. 24). Ecco Press.
- Lazaga, J. (2023). Folklore and regional consciousness. In CCP Intertextual Division (Ed.), *Reading the regions: Klima. Kronika. Kuerpo* (p. 5).
- Lefkowitz, L. H. (1997). *Textual bodies: Changing boundaries of literary representation*. State University of New York Press.
- Mallari, J. C. (2023). The body as memory. In CCP Intertextual Division (Ed.), *Reading the regions: Klima. Kronika. Kuerpo* (pp. vi–vii, 39).
- Olayo, F. (2020). *Body of work*. Gantala Press.
- Reyes, A. M. (2020). *Voices of the marginalized: Ilokano poetics and activism*. Ateneo de Manila University Press.
- Santos, R. P. (2017). Poetry as pedagogy: Collective memory in Filipino activist verse. *Philippine Literary Review*, 33(2), 98–110.
- Sciolino, E. (1997). *The outlaw state: Saddam Hussein's quest for power and the Gulf crisis* (p. 51). John Wiley & Sons.
- Yabes, L. Y. (1975). *Philippine Short Stories, 1925-1940*.
<https://www.goodreads.com/book/show/4057958-philippine-short-stories-1925-1940>

